Paghusay ng Iyong Anak (Your Child's Progress)

Mga pamantayan sa pag-aaral para sa taong panuruan 2017–18

Ang Washington ay may K-12 na mga pamantayan sa pag-aaral na naglalarawan sa kaalaman at mga kasanayan na kinakailangan ng bawat mag-aaral upang maging handa para sa karera, kolehiyo at pamumuhay kapag nakapagtapos na sila sa mataas na paaralan.

Nasa ibaba ay mga maikling halimbawa ng mga pangunahing layunin sa pagkatuto ng Washington para sa kindergarten.
Para sa mas kumpletong impormasyon, bisitahin ang:

www.YourChildsProgress.com

- **Ang Mga Sining.** Magkaroon ng kamalayan sa espasyo para sa sarili; mga umuulit na tiyempo at ritmo; mapahusay ang mga kasanayan sa boses; mapahusay ang mga fine motor skill (pagtutugma ng galaw ng kamay at mata).
- **Teknolohiyang Pang-edukasyon.** Kumuha ng impormasyon ukol sa mga hayop bilang isang klase gamit ang mga website.
- **English Language Arts (ELA).** Maintindihan ang pangunahing katangian ng mga titik, maibahaging muli ang mga pamilyar na istorya at mga importanteng detalye, at sumagot ng mga katanungan.
- **Edukasyong Pangkalusugan at Pisikal na Edukasyon.** Matuto ng bokabularyo, kaalaman at konsepto ukol sa katawan; mapahusay ang mga motor skill (paggalaw ng kalamnan) at pattern ng pagkilos; sumunod sa mga patakarang pangkaligtasan.
- **Matematika.** Matuto ng mga numero at kung ano ang kinakatawan ng mga numero, at ang mga konsepto ng pagdagdag at pagbawas.
- **Agham.** Matuto ukol sa pisikal na mundo, lokal na lagay ng panahon at kung ano ang kailangan ng mga halaman at mga hayop upang mabuhay.
- **Araling Panlipunan.** Siyasatin ang silid-aralan bilang isang komunidad at i-explore kung paano nagagawa ang mga desisyon batay sa mga karapatan, patakaran at pagiging patas.

Ang Washington ay mayroon ding mga pamantayan sa pagkatuto sa **Integrated na Kapaligiran at Sustainability, Mga Wika ng Mundo, Karera at Teknikal na Edukasyon** (mga framework at pamantayan ng industriya para sa panggitna at mataas na paaralan), **Kahusayan sa Wikang Ingles (English Language Proficiency)** (sa ELA, matematika at agham), pati na rin ang mga alituntunin para sa **Maagang Pagkatuto** (pagkapanganak–ika-3 baitang) na naaayon sa panlahat na uri ng edukasyon para sa lahat ng mag-aaral.

Espesyal na edukasyon: Ang mga mag-aaral na nakakatanggap ng mga serbisyo ay mayroong mga pasilidad, pagbabago, at mga suporta na tinukoy sa kanilang mga indibidwal na planong pang-edukasyon.

Mga nag-aaral ng wikang Ingles: Ang mga mag-aaral na nag-aaral na magsalita ng wikang Ingles ay may mga pamantayan sa kahusayan sa wikang Ingles na makakatulong sa mga guro na maplano ang pagtuturo sa lahat ng asignatura na naaangkop sa antas ng development ng wika ng bawat mag-aaral.

Setyembre 2017, Publication No. 17-0022

BAITANG K

Mga Layunin sa Pag-aaral sa Estado ng Washington

Bumuo ang Lehislatura ng Estado ng Washington ng apat na layunin sa pag-aaral upang magkaroon ng pundasyon para sa pag-develop ng lahat ng pamantayan sa akademikong pagkatuto sa estado:

1. Pagbabasa na may kasamang pang-unawa, mabungang pagsusulat, at matagumpay na pakikipag-usap sa iba't ibang paraan at mga kapaligiran at kasama ang iba't ibang klase ng mga mambabasa;
2. Alamin at gamitin ang kaibuturan na mga konsepto at mga pamamaraan ng matematika; panlipunan, pisikal at agham ng buhay; sibika at kasaysayan, kasama na ang iba't ibang kultura at pakikilahok sa kinatawan na gobyerno; heograpiya; sining; pangkalusugan at kalakasan ng katawan;
3. Pag-isipang mapanuri, makatwiran at malikhain, at isama ang karunungan sa teknolohiya at katatasan na rin sa iba't ibang karanasan at kaalaman sa pagbuo ng makakalutas na mga pagpasiya at lumutas ng mga problema; at
4. Umintindi ng importansiya ng trabaho at pananalapi at kung paano ang pagganap, pagsisikap at mga desisyon ay diretsong nakakaapekto sa hinaharap na karera at mga oportunidad sa edukasyon.

Opisina ng Superintendente ng Publikong Pagtuturo
(Office of Superintendent of Public Instruction)
www.k12.wa.us

WaKIDS

Washington Kindergarten Inventory of Developing Skills

Ang Imbentaryo ng Mga Nililinang na Kakayahan sa Kindergarten ng Washington (Washington Kindergarten Inventory of Developing Skills, WaKIDS) ay isang proseso para sa:

- **Malugod na pagtanggap sa mga mag-aaral at sa kanilang mga kapamilya sa kindergarten sa pamamagitan ng Family Connection.** Bago magsimula ang pasukan, o ilang sandali pagkatapos nito, ang mga guro ng kindergarten ay makikipagpulong sa mga pamilya upang malugod silang tanggapin sa paaralan at pag-usapan ang tungkol sa mga kalakasan at mga pangangailangan ng bawat bata.
- **Pag-alam sa mga kahusayan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng Whole-Child Assessment.** Sa Oktubre 31, oobserbahan ng mga guro ang mga mag-aaral sa mga gawain sa silid-aralan at itatala ang mga humuhusay na kakayahan ng bawat bata sa anim na larangan: pakikihalubilo at emosyonal, pisikal, kognitibo, wika, kakayahang bumasa at sumulat, at matematika.
- **Pagtalakay sa mga katangian ng paghusay at pagkatuto ng mga bata sa pamamagitan ng Kolaborasyon sa Maagang Pagkatuto (Early Learning Collaboration).** Habang nagpapatuloy ang taong panuruan, magpupulong ang mga propesyonal sa maagang pagkatuto at guro ng kindergarten upang magbahagi ng impormasyon na makakatulong sa mga mag-aaral na maging matagumpay sa paaralan.

Sino ang kasali?

Ang mga kindergarten na bukas buong araw na pinopondohan ng estado ay inaatasang magpatupad ng WaKIDS. Bagama't maaaring magboluntaryo ang ibang mga pampublikong paaralan na lumahok sa WaKIDS, hindi pa ipinapatupad ng lahat ng paaralan ang WaKIDS. Sa 2017–18, inaasahan namin na ang lahat ng kindergarten ay magkakaroon ng mga pambuong-araw na silid-aralan na pinopondohan ng estado at lalahok sa WaKIDS.

Paano ito makakatulong?

Bawat taon, 80,000 bata ang papasok sa kindergarten na mayroong mga kasanayang malaki ang pagkakaiba-iba. Ang layunin ng WaKIDS ay mabigyan ang mga pamilya, propesyonal ng maagang pag-aaral at guro ng kindergarten ng isang mas pormal na proseso para sa pangongolekta at pagbabahagi ng impormasyon, upang makatanggap ang mga bata ng suporta na kailangan nila upang maging matagumpay sa paaralan.

Gagamitin ng mga guro ng kindergarten ang impormasyon na kanilang makukuha upang mapaganda ang pagtuturo sa silid-aralan at maiangkop ang kanilang pagtuturo sa mga indibidwal na pangangailangan ng bawat bata. Makakatulong rin ang WaKIDS sa pagtukoy ng mga epektibong pamamaraan upang makaugnayan ang mga pamilya at tagabigay ng maagang pag-aaral at maipaalam ang mga desisyon sa patakaran sa mga antas ng komunidad, distrito at estado.

Naaangkop ba ito sa mga pamantayan sa pagkatuto ng estado?

Kinakatawan ng Mga Pamantayan sa Pagkatuto sa Estado ng Washington (Washington State Learning Standards) ang kaalaman at mga kasanayang kailangang malaman ng lahat ng mag-aaral at kayang gawin sa *pagtatapos* ng bawat baitang. Hindi inaasahang matutugunan ng mga papasok na kindergarten ang mga pamantayan sa pagtatapos ng taon sa kanilang *pagpasok* sa paaralan. Ang WaKIDS ay isang proseso upang makatulong na maisaayos ang transisyon patungong K-12. Ang layunin nito ay matulungan ang mga guro sa pagdisenyo ng pagkatuto na magdadala sa mga mag-aaral sa tamang landas tungo sa pagtamo ng mga pamantayan sa pagkatuto sa pagtatapos ng taon.

Ang mga kinakailangan ba sa pagpasok ng kindergarten ay magbabago?

Hindi. Ang lahat ng bata na 5 taong gulang pagdating ng Agosto 31 ay maaari nang pumasok ng kindergarten. Ang WaKIDS ay hindi isang proseso para sa pagtukoy kung dapat bang pumasok ang isang bata sa kindergarten.

Timeline ng Pang-estadong Pagsusulit Para sa Kindergarten

WaKIDS	
Simula ng taong panuruan:	Ang mga pamilya at mga guro ay magtitipon-tipon para sa family connection (pampamilyang koneksiyon).
Sa Oktubre 30:	Kukumpletuhin ng mga guro ang whole-child assessment (pagtatasa) at gagamit ng datos para sa pang-indibidwal na pagkatuto.
Nobyembre at kasunod na panahon:	Tatalakayin ng mga pamilya at mga guro ang mga obserbasyon ng mga guro. Mag-uugnayan ang mga guro at provider para sa maagang pag-aaral upang magbahagi ng impormasyon.

ELPA21	
Ang mga nag-aaral ng wikang Ingles sa mga baitang K–12 ay kukuha ng Pagtatasa sa Kahusayan sa Wikang Ingles para sa ika-21 Siglo (English Language Proficiency Assessment for the 21st Century, **ELPA21**).	
Ang ELPA21 ay ibinibigay taun-taon sa tagsibol upang matukoy kung sinong mga mag-aaral ang kwalipikadong patuloy na makatanggap ng mga serbisyo ng suporta sa wikang Ingles.	
Pebrero 1–Marso 30:	Ang bawat nag-aaral ng wikang Ingles sa K–12 ay kukuha ng online na pagsusulit na ito.

Office of Superintendent of Public Instruction
Old Capitol Building
P.O. Box 47200
Olympia, WA 98504-7200

www.YourChildsProgress.com

Setyembre 2017, Publication No. 17-0022